PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE SECRETARY MARTIN ANDANAR
BY SWEEDEN VELADO-RAMIREZ – PTV
JULY 26, 2021

RAMIREZ: Sir, kayo po ay isa mga naging punong-abala rin sa pag-o-organize nitong huling SONA ni Pangulong Duterte. Sabi ninyo po noong una, you want this to be modest but memorable. Sa tingin ninyo, Sir, na-achieve po ba iyon?

SEC. ANDANAR: Palagay ko naman ay naging modest and memorable. Memorable in a way na si Presidente ay talagang stuck to being his own person. Bukod doon sa kaniyang binasang speech ay mayroon siyang mga adlib kaya umabot nang halos tatlong oras. Be that as it may, congratulations kay Pangulong Rodrigo Roa Duterte. And also, congratulations sa PTV, sa Radyo Pilipinas, Philippine News Agency, sa lahat ng mga nagpuyat para sa production ng PTV. Congratulations, iyong mga cameramen natin, sila Pareng Erwin, sila Rocky. Sa lahat, lahat nang nag-prepare para sa SONA.

More than two months natin itong pinaghandaan. Pero hindi pa tapos ang trabaho dahil mayroon pa tayong pasasalamat.

RAMIREZ: All right. Sir, we could not have also done this without your leadership po as the PCOO Secretary. But since you mentioned na, Sir, itong PTV, Radyo ng Bayan at ating mga government pillars, ano naman po ang mga development pa na aasahan ng PTV at ng iba pang government pillars sa ilalim po ng PCOO?

SEC. ANDANAR: Well, of course, tuluy-tuloy iyong pagtrabaho natin na isang government media kasama iyong Philippine Information Agency at iba pang mga sangay ng ating PCOO tulad ng RTVM, Presidential Communications Operations Office Social media platforms. Mayroon tayong pasasalamat with President Rodrigo Roa Duterte. We will be doing that I think for the next 11 months, we will be going around. Excited tayo.

Pero bitter-sweet kasi siyempre last SONA na ito ni Presidente Rodrigo Roa Duterte, pero okay din kasi nakita naman natin na napakadaming accomplishments na nagawa si Pangulong Rodrigo Roa Duterte. At ako naman ay natutuwa na binanggit din ni Presidente Duterte ang Freedom of Information ay isang polisiya na ipinaglaban ng PCOO. So congratulations sa lahat ng mga kasamahan natin sa PCOO, kina Usec. Kris Ablan at lahat ng mga tauhan niya as FOI management.

RAMIREZ: All right. Maraming, maraming salamat po, Secretary Martin Andanar, ang Communications' secretary.

##